Mga Karapatan at TUNGKULIN

MGA TUNGKULIN NG EMPLOYER

- Ilathala at ipaskil ang lahat ng safety policy at Health Committee meeting minutes, at lahat ng mga pangalan ng membro ng Safety and Health Committee at mga kinatawan. Ilathala din ang lahat ng Health inspection Reports at Workplace and Health orders.
- Gumawa at isulat and lahat ng programa para sa kalusugan, magbigay ng training tungkol sa lahat ng health policies.
- Siguraduhin na ang lugar na pinagtrabahuan ng lahat ng mga manggagawa ay libre sa mga panganib at lahat ng gamit tungkol dito ay nakalaan para sa kanila.
- Turuan ang mga manggagawa sa paggamit ng lahat ng equiptment para maiwasan ang aksidente sa trabaho.
- Pangalagaan ang mga manggawa sa lahat ng panganib.
- Ipaalam sa mga manggagawa ang mga lugar na puewede magkaroon ng aksidente kung hindi mag-ingat. Magbigay ng training sa lahat ng tamang pag-ingat para maiwasan ang sakuna o aksidente.
- Magbigay ng training sa lahat ng mga Tagapamahala (Supervisor's) para ma-isagawa nila ang kanilang tungkulin.
- Alamin at sumunod sa lahat ng nakasaad sa *Manitoba Workplace Safety and Health Act and Regulation*.

MGA TUNGKULIN NG TAGAPAMAHALA (SUPERVISOR'S)

- Siguraduhin na ang lahat ng mangagawa ay sumusunod sa Act and Regulation.
- Turuan ang lahat ng manggagawa sa pag-iwas sa aksidente at ang tamang paggamit ng equiptments.

MGA TUNGKULIN NG LAHAT NG MANGGAGAWA

- Sumunod sa lahat ng alituntunin sa tamang paggamit ng protective equiptments at huwag gumawa ng ibang paggamit na hindi tama.
- Ipaalam kaagad sa inyong Tagapamahala ang mga mapanganib na inyong nakita sa lugar ng pinagtrabahuan.
- Gamitin ang lahat ng equiptment na tama, tulad ng itinuro sa inyo.

MGA KARAPATAN NG MANGGAGAWA

- Ang lahat ng manggagawa ay may **karapatan na malaman** ang lahat ng posibling panganib sa lugar ng pinagtratrabahuan at payuhan ang kanilang Tagapamahala kung paano maiwasan ito.
- May karapatan ang lahat ng manggagawa na **makisali** sa lahat ng safety and health activities maging sa joint workplace safety and health committee na maging kinatawan ng mga manggagawa.
- May karapatan ang mga manggagawa na **tumanggi** na magtrabo sa lugar na mapanganib.
- May karapatan ang mga manggagawa sa lahat ng **proteksion** para mapangalagaan ang sarili sa panganib habang nagtratrabaho. Karapatan din ng manggagawa ang **magsabi** sa kanilang Tagapamahal o Kinatawan sa anomang bumabahala sa kanila. Ang manggagawa ay hindi maaring paalisin sa kanilang trabaho sa dahilan na nagsabi sila na ang inatasan sa kanila ay mapanganib o hindi nila alam kung paano gawain.

SAFE WORK SAFE SPOT THE HAZARD ASSESS THE RISK FIND A SAFER WAY EVERY DAY

MISI MANITOBA IMMIGRANTS' SAFETY INITIATIVE

Supported by a grant from the Community Initiatives and Research Program of the Workers Compensation Board of Manitoba.